# 1

Papalapag na ang eroplanong sinasakyan ni Ynah sa *Ninoy Aquino International Airport*. Tatlong taon na ang nakakaraan magmula nang huli siyang umuwi sa Pilipinas. Anim na taon na siyang naninilbihan bilang nurse sa *Montefiore Center* sa New York City, USA.

Tiyak niyang matutuwa ang pamilya niya sa kanyang pagbabakasyon. Pero alam niyang kukulangin pa ang two-month vacation leave niya para makasama ang mga ito.

Hindi niya ibinalita sa mga ito ang kanyang pag-uwi. Balak talaga niyang sorpresahin ang mga magulang at mga kapatid kaya walang sasalubong sa kanya sa airport.

Nakalapag na ang eroplano at nakababa na siya mula roon. Ilang saglit pa'y nakuha na niya ang hindi naman kalakihang travelling bag sa baggage claim area ng airport.  Wala siyang pasalubong para sa kanyang pamilya dahil hindi siya namili bago umuwi sa Pilipinas. Ang plano niya ay pupunta na lang silang buong mag-anak sa *Duty Free* at doon sila magsa-shopping.

Ang dami niyang planong gawin kasama ang pamilya. Isa-isa niyang ini-schedule sa isip kung alin sa mga aktibidades na nakaplano ang uunahin. She was so excited!

At dahil sa kaiisip, nang palabas na siya ng arrival lounge ay hindi sinasadyang may nasagi siya sa balikat. “Oops, sorry!” bulalas ni Ynah, sabay sulyap sa nakabanggaan. Ito ay isang babae.

The older woman was in her mid-fifties and everything about her was expensive. The pearl necklace she was wearing could not be mistaken as cultured but genuine. And she was escorted by three bodyguards.

Pamilyar ang mukha nito. Hindi lang niya maalala kung saan niya ito nakita. Nginitian siya ng nakatatandang babae, tanda na tinatanggap nito ang kanyang paumanhin. At nang akma na sana itong pipihit ay bigla niya itong nakilala.

“N-Ninang Juliet?” pigil ang hiningang sambit niya. Hindi siya puwedeng magkamali, kahit sobrang elegante na ito kung magbihis!

Natigilan ang tinawag. Napakunot-noo ito habang nakatitig sa kanya at pinipilit siyang kinikilala.

“Ninang, ako ho si Ynah! Ynah Camello!”

Napaawang ang bibig nito. “Ynah?” Pinag-aralan nitong mabuti ang mukha niya. “Oh, my God!” nakangiting bulalas nito. “Ikaw nga!”

Parang mga batang nagyakapan ang magninang.

“My God, look at you! Dalagang-dalaga ka na at ang ganda-ganda mo!”

Pumalakpak ang tainga ni Ynah sa papuri ng kanyang ninang. “Kayo rin naman, Ninang Juliet, ang ganda-ganda n’yo. Parang hindi kayo tumatanda. If I’m not mistaken, eight years na rin po tayong hindi nagkikita, di po ba? Pero parang lalo pa kayong bumata kaysa last time.”

Dati ay magkapitbahay sila sa Laguna hanggang sa lumipat ang kanyang ninang sa hacienda ng mga in-laws nito sa Silay, Negros Occidental.

Pero matagal ding nanirahan ang pamilya nito sa Laguna. Doon na halos lumaki ang kaisa-isang anak ni Ninang Juliet na si Jared.

“Nagmamadali ka ba, Ynah?” tanong ng nakatatandang babae na tila hindi magkamayaw sa sobrang saya.

“Hindi naman po,” pagsisinungaling niya

gayong ang totoo ay atat na atat na siyang makauwi. Pero dahil excited din siyang makahuntahan muna ang ninang na matagal na niyang hindi nakikita ay pagbibigyan niya ang sarili na makasama ito sandali.

Masaya nitong iniangkla ang braso nito sa braso niya. "Good! Dahil yayayain kitang kumain muna sa restaurant at magkuwentuhan tayo."

Hindi na siya nakatanggi nang masayang igiya siya nito patungo sa naka-park nitong puting *Mercedes-Benz* habang nakasunod sa kanila ang tatlong bodyguards.

Pinagbuksan pa sila ng pinto ng isa sa mga bodyguards nito bago sumakay ang tatlo sa back-up car na itim na nakahimpil sa tabi ng *Mercedes-Benz*.

Sa isang restaurant sa *Heritage Hotel* ang bagsak nila.

"Kumusta na ang kumpare't kumare ko, hija?" curious na tanong ni Juliet matapos maibigay sa waiter ang kanilang order.

"Mabuti naman po, Ninang," magalang na sagot niya. "Si Dad at si Mommy ay sa government pa rin nagwo-work."

"How about your two brothers? Mga binata na

siguro sila ngayon."

Napabungisngis si Ynah. "Oho. At matatangkad pa sa akin."

"Ano naman ang pinagkakaabalahan mo ngayon?"

"Six years na ho akong nagtatrabaho sa States bilang nurse. Bale second time ko pa lang nakakauwi pagkatapos ng huling bakasyon ko three years ago. Hindi nga alam ng pamilya ko na umuwi ako ngayon. Gusto ko kasi silang sorpresahin," nakangiting kuwento niya.

Nagliwanag ang mukha ni Juliet. "So, nurse ka pala?"

"Opo, Ninang."

Nahinto sandali ang kanilang usapan nang dumating ang waiter dala ang kanilang order.

Nakaramdam ng gutom si Ynah nang makita ang masasarap na pagkain. Hindi kasi siya gaanong nakakain sa airplane.

Kaninang-kanina pa niya gustong makabalita tungkol sa kinakapatid kaya hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa.

"Kumusta na ho si Jared, Ninang? Binata pa ho ba siya?"  tanong niya, pilit na itinago ang pag-asam sa tinig. Noon pa siya may lihim na paghanga sa lalaki na nang kalaunan ay hindi na naging lihim dahil natuklasan nito iyon.

Bumahid ang sobrang lungkot sa mukha ni Juliet at nangilid ang luha sa mga mata nito.

Naalarma siya. "Bakit, Ninang? May nasabi po ba akong hindi maganda?"

Napapailing na humugot ito ng tissue sa bag nito at dinampian ang sulok ng mga mata. "I don't know how to tell you this..."

Nag-aalalang hinawakan niya ang kamay nito at pinisil. "You can tell me, Ninang. I'll listen."

Suminga muna ito sa tissue. "Jared met a car accident a month ago and he was with his fiancée..."

Napamaang siya. "What? And how is he now, Ninang?"

Napailing si Juliet. "Eversince the accident happened, hindi na siya naka-recover—mentally, emotionally..."

"But physically, yes?" curious at hopeful niyang tanong.  *Sayang naman ang kaguwapuhan ni Jared*

*kung magkakaroon ng damage!* natatakot niyang naisaloob.

"Yes. Milagrong nakaligtas si Jared sa aksidente na walang gaanong physical injuries maliban sa mga bruises and mild fractured bones sa ribs and left leg na unti-unting gumagaling… I could say psychological ang damage sa kanya. He wants to punish himself para maibsan ang nararamdaman niyang guilt dahil sa nangyari sa kanyang fiancée na si Diane."

"Bakit ho? Ano'ng nangyari sa fiancée niya?" pigil ang hiningang tanong ni Ynah.

"She died on the spot," mahinang sagot nito.

Kinilabutan siya sa narinig. "Oh, my God…!"

"And Jared is blaming himself for her sudden demise."

"That's bad, Ninang…"

"I know. At natatakot ako sa maaaring gawin ng anak ko kung pababayaan ko siya. Alam mo na, he might consider commiting suicide…"

Nanlaki ang kanyang mga mata. Parang hindi si Jared ang pinag-uusapan nila. Hindi niya ma-imagine na ganoon na kahina ang kababata. She remembered

him as a boy full of life, very spontaneous, laging nakangiti, masayahin at pilyo.

"I can't believe that Jared would do anything like that, Ninang," matatag niyang protesta.

Napabuntong-hininga si Juliet. "Hindi ko alam kung ano ang kayang gawin ngayon ni Jared. If you can only see him now, the depression is killing him and he refused to heal."

Isa lang ang naiisip na rason ni Ynah kung bakit nagkakagayon ang kinakapatid niya.

*He must have loved Diane very much*, naiinggit niyang usal sa sarili. Dinampot niya ang baso ng juice upang uminom.

"Kaninang narinig kong nurse ka, bigla akong nabuhayan ng loob," untag ng nakatatandang babae.

Natigilan siya sa aktong sisimsim sa kanyang juice, tikwas ang kilay. "Bakit po?"

"I was hoping you could help him. I want to get your services, hija. Gusto kong maging private nurse ka ni Jared para may nagbabantay sa kanya at magre-report sa akin kung ano ang mga pinaggagagawa niya. And I was hoping too that you might knock some sense into his head and make him realize that

life is beautiful...”

A part of her was willing to help, pero naroon ang pagdududa sa kanyang sarili kung may kakayahan nga ba siyang gawin ang expectation sa kanya ng babae.

Tila naramdaman ni Juliet na nag-aalangan pa siya kaya may pagmamakaawang hinawakan nito ang kamay niya at pinisil. “I know you care for him, Ynah. The fact that you’ve been childhood friends will help him a lot in his recovery.”

Parang hindi siya umaayon. “Alam ko pong may pinagsamahan kami ni Jared. Pero base sa mga ikinukuwento n’yo, I don’t think I’ll make any diferrence.”

Parang maiiyak na naman ito. “To tell you the truth, desperado na ako talaga. Wala kasing tumatagal na nurse sa kanya para alagaan siya. Hindi ako puwedeng magbantay sa kanya dahil may-sakit din ang Ninong Enrico mo. Nasa hospital siya ngayon.”

Lalo siyang na-depress sa nalaman.

“Kahit nga si Norie ay nagsasawa na sa kanya.”

Natuwa siya nang marinig na nandoon pa ang

malambing na yaya ni Jared. Sobrang nami-miss na niya ito.

“Nasa inyo pa rin pala si Manang Norie.”

“Oo, hija. Alam mong napaka-loyal n’on kay Jared.”

Tiyak niyang isa ito sa mga nalulungkot sa nangyayari ngayon sa lalaki.

“Nasaan po ba si Jared ngayon, Ninang?”

“Sa isla namin sa Palawan.”

Nagulat si Ynah. “Wala siya sa Negros?”

Lalong lumungkot ang mukha ni Juliet. “That’s why lalo akong nag-aalala sa kanya, hija.You see, pagka-discharge niya ng hospital ay doon na siya nag-stay. He wanted to be alone. Ayaw niyang makakita ng tao. Noong una, I thought he wanted to go to Palawan to recuperate. I didn’t think it will be for the worse.”

*Mukhang malala na nga si Jared, ah*, naisaloob niya na nanghinayang at hindi makapaniwala sa nangyayari ngayon sa kanyang kababata.

Makalipas ang ilang sandaling pagdidili-dili ay tila bigla siyang naging determinado na tulungan

si Jared. Puwede niyang i-extend ang vacation para mabigyan din niya ng panahon ang kanyang pamilya.

Pinisil niya ang kamay ni Juliet. "Kailan n'yo gustong pumunta ako doon, Ninang?"

Lumiwanag ang mukha nito, halos maluha sa sobrang tuwa. "Payag ka nang maging nurse ng anak ko?"

"Yes, Ninang. But let me stay with my family first kahit isang linggo dahil kadarating ko lang. After that, I'll give you a call."

Tuwang niyakap siya ng babae. "Oh, Ynah, I don't know how to thank you!"

GULAT PERO TUWANG-TUWA ang pamilya ni Ynah nang dumating siya sa bahay. Niyakap siya ng dalawang kapatid na lalaki na mga binatilyo na at lumalaking guwapo. Mana sa daddy nila.

"Ikaw na bata ka," anang mommy niyang si Grace na maiyak-iyak pa, "di ka man lang nagpasabi na uuwi ka pala ngayon!"

"Dapat ay nasundo ka namin sa airport," ayuda pa ng daddy niyang si Nestor na inilapag ang kanyang

travelling bag sa carpeted na sahig.

"Gusto ko kasi kayong sopresahin," aniyang naupo sa sofa. Tumabi sa kanya ang dalawang kapatid at pinagitnaan siya. "Nakakapagod ang biyahe. Kumusta kayo dito?"

"Mabuti naman," sagot ni Grace. "Nagugutom ka ba?"

"Busog po." Hindi muna niya ikukuwento ang pagkikita nila ni Ninang Juliet. "Pero gusto ko ng malamig na juice."

Mabilis na pumunta sa kusina ang kanyang ina para ikuha siya ng juice.

"Kumusta ang trabaho mo doon?" tanong ng ama na umupo sa sofa na nasa tapat niya.

"Mabuti, Dad, nakakapagod nga lang. Laging toxic," nakangiting sagot niya.

"Okay lang 'yun, Ate," sabad ni Arnold. "Sulit naman sa sahod."

Tuwang-tuwang ginusot ni Ynah ang buhok nito. "Binata ka na rin, ah! Halos magkasing-tangkad na kayo ng Kuya Boyet mo."

"Varsity player nga ako sa school namin, Ate,"

pambibida ni Arnold. "Last year, MVP pa nga ako. Di ba, Kuya Boyet?" baling nito sa kapatid na lalaki. Tumango ang huli.

"Talaga? Sige, may premyo ka sa akin."

Pumasok ang nanay niya at iniabot sa kanya ang isang basong orange juice. "O, uminom ka muna."

Nakangiting kinuha niya iyon. "Thank you, Mommy."

"Ate, pasyal naman tayo," naglalambing na ungot ni Boyet.

"Don't worry, Brother, nakaplano na 'yan," nakangiti pa ring tugon niya. "Bukas pala, punta tayo sa *Duty Free* para mag-shopping."

"Yehey!" sigaw ng dalawang kapatid ni Ynah at sabay pang yumakap sa kanya kaya napawi lahat ng pagod niya dala ng mahabang biyahe pauwi sa bansa.

GINUGOL NGA ni Ynah ang buong linggo kasama ang kanyang pamilya sa pagsa-shopping at pamamasyal. Sabado, habang nasa hardin sila ay inumpisahan na niyang magpaalam sa mga ito.

“Ano? Kakauwi mo pa lang last week ay aalis ka na this coming Monday?” reklamo ni Arnold habang hawak ang bola.

Maglalaro ang dalawa niyang kapatid ng basketball at papalabas na ng bakuran nang maulinigan ang pagpapaalam niya sa mga magulang.

“Babalik ka na kaagad sa States?” tanong ni Boyet.

Ipinagpatuloy ni Ynah ang paglalagay ng lupa sa paso. Tinutulungan niya ang inang nagtatanim ng mga halamang rosas. “Hindi. Baka nga i-extend ko pa ang vacation ko...”

Saglit na nagkatinginan ang dalawa niyang kapatid na lalaki. Lumapit ang mga ito sa kinaroroonan niya.

“Kung gan’on, ba’t ka nagpapaalam?” takang tanong ni Boyet. “Saan ka pupunta? Mag-aasawa ka na ba?”

“Sira, paano akong mag-aasawa’y ni boyfriend ay wala ako? Sa Palawan ako tutungo.”

“Palawan?” Natigil sa pagbabasa ng diyaryo ang kanyang ama na nakaupo sa ugoy-ugoy nito. “Tama ba kami ng pagkakarinig?”

Napalingon din si Grace na kanina lang ay subsob ang atensyon sa mga halaman. “Ano naman ang gagawin mo sa Palawan?”

“Hindi ko pa nakukuwento sa inyo na nagkita kami ni Ninang Juliet sa airport.”

“Talaga?” Excited bigla ang ina niya. “Mayaman na ‘yong ninang mong ‘yon! Ang yaman-yaman kasi ng napangasawa. Mantakin mong may mga hacienda pala!” Napapalatak pa ito. “Teka, huwag mong sabihing inimbitahan ka niyang magbakasyon sa Palawan?”

“Wish ko lang,” aniyang napakibit-balikat. “Ang totoo nga po’y she’s asking for my services. Naaksidente kasi si Jared.”

Nanlaki ang mga mata ng kanyang pamilya.

“Kumusta daw siya?” nag-aalalang tanong ni Grace.

Sumulyap siya sa ina habang pinupuno ng lupa ang paso. “Hindi pa raw nakaka-recover mula sa car accident. Namatay kasi ‘yong fiancée niya.”

Tuluyan nang tiniklop ng ama ang diyaryong binabasa. “Kawawa naman pala. Pero bakit sa Palawan ka pupunta? Hindi ba’t sa Negros lumipat

ang mag-anak?"

Tumigil siya sa ginagawa. "According to Ninang's story, doon na nag-stay si Jared pagkatapos niyang ma-discharge sa hospital. Kasi nga'y ayaw niyang makakita ng tao. Si Ninang naman ay hindi puwedeng mag-stay sa Palawan dahil may-sakit din si Ninong Enrico at nasa hospital."

"Hanggang kailan ka doon, Ate?" tanong ni Arnold.

"I can't tell." Nginitian niya ang pamilya na mukhang nag-aalala at bantulot na payagan siyang pumunta sa Palawan. "Come on, guys, don't say hindi ninyo ako papayagan? Sa States nga na mas malayo'y nag-survive ako, sa Palawan pa na bahagi ng Pilipinas? Come on, where's your sense of adventure?"

"Mas delikado sa Palawan. Hindi ba't nandoon ang mga bandidong Abu Sayyaf?"

"Come on, Dad," aniyang natawa. "Malawak ang Palawan. I'm sure kung saan mang parte ng lugar na 'yon si Jared, tiyak kong payapa doon. And besides, hindi naman siguro ako ipapahamak ni Ninang Juliet."

Natapos nang itanim ni Grace ang lahat ng

halaman. Inalis na nito ang guwantes. “Hindi na ba namin mababago ang desisyon mo, Ynah?”

“Well, kilala n’yo naman ako. I never back out from any challenge. Gusto ko talagang tulungan si Jared na gumaling.”

Napabungisngis bigla si Boyet. “Hindi ba’t crush mo si Kuya Jared, Ate?” tudyo nito.

Nagbabaga ang tinging ipinukol niya sa kapatid. Dapat pa bang ungkatin iyon?

“Oo nga!” natatawang sang-ayon pa ni Arnold. “Hindi ba’t nabasa pa namin ni Kuya Boyet ‘yong diary mo?”

Hindi na pinarusahan ni Ynah ang mga ito noon kahit ang mga ito ang nakakita ng kanyang diary at ibinigay kay Jared para basahin nito.

“Hoy, hoy,” maagap na saway ng ama nila “tigilan n’yo na ‘yang panunukso sa ate n’yo.”

Dinilaan niya ang dalawang kapatid. “Past is past. Wala na akong gusto doon, ‘no!” aniyang halatang kulang sa conviction. Dahil aminin man niya o hindi, napakaespesyal pa rin ni Jared sa kanya!

# 2

"You really own that island, Ninang?" hangang-hangang bulalas ni Ynah habang sumisilip sa binoculars. Nakasakay siya sa helicopter kasama si Juliet upang puntahan sa isla si Jared.

Ang kaninang tila tuldok sa dagat ay unti-unting lumalaki sa paningin ng dalaga. Hindi niya napigilan ang mapaawang ng bibig habang palapit na sila sa isla at matanaw ang malaking resthouse na nakatayo roon. Tumatahip ang dibdib niya sa sobrang excitement.

Indeed, the island was breathtakingly beautiful. A real paradise.

"Actually, it belongs to my father-in-law but in the end ay pinamana niya kay Jared."

"Wow!" hindi niya napigilang ibulalas. "Hindi na talaga ma-reach ang kababata ko. Now, he even owns an island!"

"Dito nga sana sila magha-honeymoon ni Diane..."

Napasulyap siya sa kanyang ninang nang

marinig ang malungkot nitong tinig. Awtomatikong nakaramdam si Ynah ng simpatya para sa kanyang kinakapatid.

"Ano'ng pangalan ng island n'yo, Ninang?" curious niyang tanong.

"Isla Nasidman," simpleng sagot nito.

"Salitang ano 'yon, Ninang?"

"Salitang Ilonggo. Sa isla kasing 'yan ay sentrong-sentro ang bukang-liwayway na ibig sabihin ng Nasidman."

"Wow! I just can't wait to see the sunrise!" excited niyang saad.

Paikut-ikot muna ang helicopter sa himpapawid habang sinisipat na mabuti ng piloto ang lalapagan nila. Namalayan na lang ni Ynah na unti-unti nang bumaba ang chopper at nang tuluyang makalapag ay nagliparan ang alikabok at mga dahon sa pabilog na singa ng hangin.

Lumabas ang piloto at inalalayan silang dalawa ni Juliet sa pagbaba.

Isang pamilyar na mukha ang sumalubong sa kanila. Si Norie na ngayon ay marami na ang kulay puti sa buhok at pilegis sa noo.

“Manang Norie!” tuwang tawag ni Ynah.

Pilit siyang kinikilala ng kinausap na matanda pero blangko ang ekspresyon nito sa mukha.

“Hindi na ninyo ako natatandaan, Manang Norie? Ako ho si Ynah, ’yong kapitbahay n’yo sa Laguna. Iyong kalaro ni Jared.”

“Ay, ‘sus!” anitong napatutop ng noo. “Hindi na kita nakilala. Kaganda mong bata ka!”

“Manang, noon pa naman ho maganda na ako,” pabiro niyang sabi saka bumungisngis. “Kumusta na po?”

“Mabuti.” Tuwang hinawakan nito ang mga kamay niya. “Ikaw, kumusta na?”

“Mabuti ho.”

“Buti’t naisipan mong dumalaw dito. Nabalitaan mo na siguro ang nangyari sa kinakapatid mo.”

“Opo, naikuwento na ni Ninang Juliet.”

“At nandito siya para alagaan si Jared,“ singit ni Juliet. “Nurse siya at kagagaling lang niya sa Amerika.”

Kumislap ang mga mata ni Norie. “Naku! Tiyak kong matutuwa si Jared kapag nalaman niyang ikaw

ang magiging nurse niya!"

"Sana nga po," umaasam niyang sagot. "Nasaan po ba si Jared ngayon?"

Lumungkot ang anyo nito. "Nandoon sa silid niya. Lagi lang doon 'yon. Nagpipinta."

Naalala ni Ynah kung gaano kagaling ang kinakapatid sa pagpi-paint. Minsan pa nga'y umungot siyang igawa siya ng portrait pero hindi siya pinagbigyan. Hindi raw ito inspired na gawin ang portrait niya. Ang sama ng loob niya noon. Kahit sabihin pang pabiro ang paraan ng pagkakasabi ng lalaki.

"Ang mabuti pa'y pumasok na kayo sa loob at nang makapagmerienda muna kayo," ani Norie.

Nang papasok na sila sa resthouse ay tuwang iniangkla ni Norie ang kamay sa kanya.

"Ang suwerte-suwerte mo. Balita ko'y malaki ang kita n'yong mga nurses sa abroad!"

Napangiti siya. "Slight lang po."

"Babalik ka pa doon sa Amerika?"

"Oho. Sayang naman kasi ang kinikita ko."

"'Sus! Baka nobyo ang binabalikan mo doon!"

biro nito.

Natawa si Ynah. "Wala nga akong panahon sa love life ko, Manang. Sobrang busy talaga ako doon."

Nang nasa loob na sila ng resthouse ay dumerecho na sa kusina si Norie. Naiwan sila ni Juliet sa sala. Hangang inilibot ni Ynah ang paningin. Lumapit siya sa isa sa mga bintanang paarko ang disenyo at sumilip sa labas. Sa kinaroroonan niya ay natanaw niya ang luntiang gubat at ang malalaking tipak na batuhan sa isang bahagi ng isla.

"Breathtaking views..." Nilingon niya si Juliet. "This place is really fabulous, Ninang."

"I'm glad you like the place. By the way, bago tayo dumerecho sa silid ni Jared, dadalhin muna kita sa magiging silid mo."

Ang ibinigay sa kanyang silid ay may kalakihan, attractively furnished in shades of peach and rust. Her window was overlooking the sea.

The huge windows were covered with floor-length curtains in floral design and beige color. Pero hindi nakabawas ang mga kurtinang iyon sa malamig at preskong hanging pumapasok sa loob ng silid.

Ang kulay ng ensuite bathroom ay ka-match ng silid.

"Wow! It's lovely, Ninang..." aniyang lumapit sa bintana at dumungaw. Sa pagkakamasid pa lang sa mga alon sa dalampasigan ay nare-relax na siya. Kahit kinuha siya ng ninang niya para alagaan si Jared, it was more of a vacation!

Napangiti ito. "I'm glad you like your room, hija."

Nakangiting nilingon niya ang nakatatandang babae. "I think it's time I see Jared."

Kontento si Juliet sa nakitang reaksyon niya. Nakangiti ring tumango ito. "Good idea."

Lumabas sila ng silid at tinungo ang isang kuwarto sa duluhan ng pasilyo. Tumigil sila sa isang nakapinid na pinto.

"As usual, naka-lock ito," sabi ng ninang niya. "I'll give you this duplicate key para magamit mo kapag ayaw kang pagbuksan ni Jared. Mayr'on ding susi dito si Norie." Isinuksok nito sa seradura ang hawak na susi. Huminga muna ito nang malalim bago kumatok. "Jared, this is Mommy..."

Nang makita niyang pinihit ni Juliet ang

doorknob at itulak pabukas ang pinto ay excitement na may kasamang anxiety ang naramdaman ni Ynah sa napipintong pagkikita nila ng kinakapatid after eight long years.

Kinakabahan siya kung ano ang magiging reaksyon ni Jared kapag nakita siya at kung ano rin ang magiging reaksyon ng puso niya. Was she still in love with him?

Ang sumalubong sa kanila ay madilim na silid. Nakasara lahat ang mga bintana.

"Honey, the sun is shining outside. Ayaw mo bang masilayan?" ani Juliet.

Halata ni Ynah na pinipilit lang nito na maging masigla ang tinig dahil sa kabila ng pagkukunwari nito ay basag pa rin iyon sa pinipigilang emosyon.

"Can I put on the light? You'll be surprised when you see who's with me." Hindi na hinihintay ang tugon na pinindot nito ang switch ng ilaw. Kumalat ang liwanag sa buong silid.

Tumambad sa kanyang paningin ang magulong silid kung saan nagkalat ang mga paintings.

"Remember her, Jared? Siya si Ynah, ang kababata mo."

Hinagilap ni Ynah ang lalaki at natutok ang paningin niya sa pigurang nakaupo sa isang sulok.

Awa kaagad ang pumuno sa kanyang dibdib nang mabistahan niya ang hitsura ng kinakapatid. Halatang nagpabaya na ito sa sarili. Mahaba na ang buhok nito at may balbas pa.

She wanted to run to him, embrace him and comfort him. Maibsan man kahit kaunti ang bigat nitong nararamdaman.

Habang nakatingin siya kay Jared ay naalala niya ang kanilang paghihiwalay. Nang mabasa at matuklasan nito ang lihim niyang pagtingin dito ay iniwasan na niya ito mula noon. Hanggang sa umalis ang mga ito sa Laguna ay hindi na sila nagkaroon ng pagkakataong magkausap.

"What is she doing here?"

Naputol bigla ang daloy ng kanyang pagninilay-nilay sa dumadagundong na tinig na bumasag sa silid. Apparently, Jared was referring to her at hindi nito ikinatuwa ang bigla niyang pagsulpot.

"Hijo, I asked her to take care of you," malumanay na tugon ni Juliet.

"Without asking for my approval?" asik ng

binata, sabay tayo at lumapit sa bintana. Galit itong dumungaw roon na kuyom ang kamay, tila nagpipigil lang na suntukin ang salamin ng bintana.

“I don’t think that’s the proper way of greeting an old friend, hijo. Hindi ka ba natutuwa na sa haba ng panahon na hindi kayo nagkikita, ngayon ay narito siya para alagaan ka?”

“Hindi ko kailangan ng taga-alaga. How many times do I have to tell you that?” malamig na tugon ng anak.

“Then, come with me. Babalik na tayo sa Negros.”

Halatang napipikon na si Jared. “Gusto ko munang mapag-isa. Gusto kong makalimot.”

“But for how long?”

“I can’t tell,” gigil na tugon.

Napailing si Juliet. “Well then, hahayaan kitang manatili dito hanggang gusto mo provided you let Ynah stay.”

Pinukulan siya ng nagliliyab na tingin ng kinakapatid, para bang sinasabi nitong siya ang nag-instigate ng lahat.

Painosente naman niya itong nginitian na lalong nagpaningkit sa mga mata ng guwapong binata.

“Go home in Negros, Mom, and send Ynah back to Manila. I don’t need her here!” anito at padabog na nilisan ang silid.

Nagkatinginan sila ni Juliet. Nasa mukha ng babae ang paghingi ng paumanhin sa inasal ng unico hijo.

“Pagpasensyahan mo na sana ang kaibigan mo, Ynah.”

Nginitian ito ng dalaga. “Okay lang po ‘yon,” pag-reassure niya. Pinilit niyang lunukin ang disappointment na naramdaman sa malamig na salubong sa kanya ng kinakapatid.

“What can you say? Posible ba ‘yong iniisip kong may suicidal tendencies siya?”

“I can say he’s really wallowing in self-pity, pero malayong mangyari ‘yong iniisip n’yo, Ninang. Nasa denial stage pa lang kasi si Jared kaya ganoon siya. Hindi pa niya magawang tanggapin ang pagkamatay ng kanyang fiancée.  But time will come that he’ll accept the tragedy.”

“Sana nga, Ynah,” anitong napabuntong-

hininga. “By the way, look at his paintings.”

Curious na nilapitan ng dalaga ang mga paintings na nakahilera sa dingding at humanga siya sa nakita. Napansin niyang mga konkreto at malinaw na emosyon ang nakapinta.

“Jared is good,” humahanga niyang sambit.

Lumapit siya sa canvas na nakasalang pa sa easel. Nang masipat niya ang portrait na malapit nang matapos, it almost took her breath away. Isang pagkaganda-gandang babae ang nakapinta. She was picture perfect.

“Who’s she?” tanong niya sa ninang kahit may hinala na siya kung sino ang nasa portrait.

“She’s Diane.”

“She’s very lovely kaya pala mahal na mahal siya ni Jared,” saad niyang naramdaman ang pinong kurot sa dibdib.

“Yes, you’re right.” Sinipat nito ang wristwatch. “Ynah, I really hate to go, pero kailangan ko na ring bumalik sa Negros dahil may-sakit pa rin ang ninong mo.  Babalik ako kapag magaling na siya’t naayos ko na ang ibang problema sa business namin. Do you think you can manage?”

Nakangiting tumango siya. “Pipilitin ko, Ninang.”

Lumabas sila sa silid at tuloy-tuloy sa labas ng resthouse.

“Ikaw na ang bahala kay Jared. Pakibantayan mo siyang maigi. Baka may gawin siyang drastic and I can’t allow that to happen,” paalala nito nang pababa na sila sa footpath.

“Don’t worry, Ninang, hindi ko siya pababayaan.”

“Thanks, Ynah, at handa kang tulungan ang kaibigan mo,” grateful na turan nito. “Hindi ko na talaga alam kung ano ang gagawin ko kay Jared. And please, pagpasensyahan mo sana siya, lawakan mo ang ‘yong pang-unawa.”

Nakangiting tumango siya ulit. “I’ll do that.”

Nadatnan nilang naghihintay na sa loob ng chopper ang piloto.

“May kulang ba sa mga gamit mo? Ipapadala ko kay Mang Nicanor bukas kung anuman ‘yon.”

Umiling ang dalaga. “Wala po, kompleto ang mga dinala kong gamit.”

“Sige, hija. Call me.”

Nagyakap ang magninang.

Lumabas si Norie nang makitang lululan na sa chopper ang ina ni Jared. "O, handa na 'yong merienda."

"Pasensya na, Nanay Norie, nagmamadali ako. Marami pa kasi akong aasikasuhin. Ikaw na ang bahala sa anak ko, ha?" At niyakap ni Juliet ang may-edad na babae.

"Huwag kang mag-alala, dalawa na kami ni Ynah na magbabantay sa anak mo."

Bantulot na sumakay na si Juliet sa helicopter. Malungkot itong kumaway sa kanila habang gumaganti sila ng kaway rito.

Ilang saglit muna nilang tahimik na tinanaw ang papalayong chopper.

"Kumusta ang salubong sa 'yo ni Jared?" interesadong tanong ni Norie habang paakyat na sila sa footpath.

"Hindi ho siya natuwa," mapakla niyang tugon. "Nagalit nga kay Ninang Juliet."

Bumahid ang disappointment sa mukha nito. "Gano'n ba? Akala ko pa nama'y ikakatuwa niya ang pagdating mo. Wala na yatang magpapasaya sa

batang 'yan."

Na-depress lalo si Ynah sa narinig. "Ipagdasal na lang natin, Manang, na maka-recover din siya sa nangyari," malungkot niyang saad.

Humugot ito ng buntong-hininga. "Iyon na nga lang ang maaari nating gawin."

Napasulyap siya sa dagat, sa kinaroroonan nila ay tanaw na tanaw niya iyon.

"Mamasyal muna tayo, Manang," yaya niya.

Pinagbigyan naman siya ng babae at nagtungo sila sa dalampasigan.

Parang bata na tuwang sinalisol ni Ynah ng mga paa ang puting-puti at mapinong buhangin.

Dahil magtatakipsilim na'y ang asul na tubig ay nagkulay-kahel na. The sight was truly beyond description. And she wished that one day, kasama na niyang manonood ng takipsilim si Jared!

# 3

Pinihit ni Ynah ang doorknob at itinulak papasok sa silid ni Jared ang food trolley na kinalalagyan ng hapunan nito. Ayon kay Manang Norie ay dinadalhan na lamang nito ng pagkain ang binata sa silid nito dahil hindi ito sumasabay sa oras ng pagkain. Nagboluntaryo ang dalaga na siya na ang magdadala niyon.

Nadatnan niya ang kinakapatid na nakatitig sa canvas na nakasalang sa easel habang nakaupo sa isang stool.  Napakunot-noo ito nang makita siya.

“I thought kasama ka ni Mommy na umalis after I made it clear that I don’t want you here?”

Bahagya siyang napatigil sa paghakbang. Pinilit na lang niyang huwag pansinin ang sinabi ng lalaki, pagkuwa’y ipinagpatuloy ang paglakad, tulak ang food trolley. “Dinalhan kita ng hapunan.”

“I’m not hungry,” masungit na tugon ni Jared.

Huminga siya nang malalim. Kahit napipikon na sa kaibigan ay nangingibabaw pa rin ang kaunting pilit na hinahon.

Minasdan ni Ynah ang kababata. Kahit natatakpan ng balbas ang mukha ay nakikita pa rin niya ang kaguwapuhan nito. At kahit nakaupo ito, kapansin-pansin ang height nito. Sa kalkula niya ay hindi ito bababa sa anim na talampakan.

Naging varsity player pa ang lalaki sa basketball noong nasa high school ito.

And looking at him now, all the traces of being a kid had vanished. Hindi na ito isang totoy but a giant of a man!

*But a fully grown man in pain*, nanghihinayang niyang naisaloob.

Huminto siya sa harap ng kaibigan at doon pa lang niya napansing may hawak itong bote ng alak.

“You’re drinking?” nasa tinig niya ang disapproval.

Hindi siya pinansin ni Jared, bagkus ay nagsalin ito ng alak sa baso at nilagok.

“Jared, makakasama sa health mo ‘yang alak,” nag-aalalang paalala niya.

“Wala kang pakialam kung anuman ang gawin ko,” paasik na sabi ng binata. Tumayo ito at tinungo ang bintana.

Nanghihinanakit na sinundan niya ito ng tanaw, parang may bikig ang lalamunan niya nang muling magsalita. “Kaibigan mo ako, Jared. And you can’t expect me just watch you ruin your life.”

Muli itong lumagok ng alak.

Humugot si Ynah ng malalim na hininga at nilapitan ang kaibigan. “I understand how you feel. Alam kong masakit ang mawalan ng isang minamahal, but it’s not right that you blame yourself for what happened to Diane. It was an accident. And God has His reasons why He let it happen.”

Malapit na siyang mapikon dahil parang nakikipag-usap siya sa pader. At nang makitang magsasalin ulit ito ng alak sa baso ay inagaw niya ang bote at ibinato sa labas ng bintana.

Nagliliyab ang mga mata ni Jared nang balingan siya. “Why, you...!” Nagngangalit ang mga bagang nito and it looked like he wanted to strangle her.

She tried not to crumble. “Hindi mo kailangang parusahan ang sarili mo. Magpakalunod ka man sa alak ay hindi na maibabalik ang buhay ni Diane!”

Galit na ibinato nito ang hawak na wineglass sa sahig. “Get out!” sigaw nito, sabay turo sa pinto.

"You know what? You're insensitive and selfish. Hindi mo inaalala kung ano ang nararamdaman ngayon ng pamilya mo. Mahal na mahal ka nila, Jared. Aren't they important enough to make you go on living? Hindi ganyan ang Jared na nakilala ko noon."

Biglang napaiyak ang lalaki.

Naalarma si Ynah. Hindi niya intensyong paiyakin ang kaibigan!

"Jared, I—" Tinangka niyang pahirin ang luhang dumaloy sa pisngi ng kababata at hawakan ang mukha nito pero galit na sinalag nito iyon.

"Don't touch me," anito. Galit itong lumakad palayo at nang madaanan ang food trolley ay malakas nitong tinabig ang tray roon.

Napaigtad siya nang magkalampagan sa sahig ang plato at kubyertos kasabay ang pagsambulat ng pagkain.

Ilang saglit muna siyang shocked na nakatitig sa kalat. Hindi siya makapaniwalang gagawin iyon ng kababata. Hindi niya napigilang tapunan ito ng nang-aakusang tingin. "How could you...?"

Hindi kababakasan ng pagsisisi ang mukha nito.

"My apologies," sarcastic na tugon nito.

At halos mapalundag siya nang buong lakas na isara ni Jared ang pinto paglabas nito sa silid.

*That bastard!* aniyang napabuntong-hininga. Tumalungko siya para pulutin ang mga basag na kasangkapan. *Ano ba 'tong napasukan ko?* naiiyak niyang naisaloob.

Nadatnan siya ni Norie na iniimis ang kalat sa sahig.

"May narinig akong nabasag at hindi pala ako nagkamali ng hinala. Ano ba ang nangyari?"

"Iyong alaga n'yo, itinaob ang tray. Bibigwasin ko na talaga 'yon kapag di ako nakapagpigil," gigil na tugon ni Ynah.

Natawa ito. "Iwan mo na 'yan at ako na ang bahala."

"Hindi, ako na ho..."

"Ay, 'sus! Sige na't tumayo ka na diyan at magpahinga."

Hindi na siya nakipagtalo.

HINDI PA RIN dalawin ng antok si Ynah. Naisipan niyang lumabas upang magpatunaw ng kinain. Sobra siyang nabusog kaya nagtungo siya sa beach. Tumingala siya at natuwa dahil maliwanag ang kalangitan. Malinaw niyang nakikita ang buwan at ang mga bituin. Binitbit niya ang mga tsinelas at tuwang sinalisol sa paa ang puting buhangin. Naupo siya sa isang sanga ng puno ng mangrove na halos nakasayad na sa lupa.

She closed her eyes and let the cold breeze kiss her face habang humahaplit din sa kanyang pisngi ang ilang hibla ng mahaba niyang buhok na inililipad ng hangin.

Napakatahimik ng paligid. Tanging huni ng seagulls at mga alon sa dalampasigan ang ingay na naririnig niya.

Pagdilat niya ay natanaw niya si Jared na pasuray-suray na naglalakad habang tinatahak nito ang daan pauwi.

Napapailing na sinundan niya ito ng tanaw.

*What can I do to make you forget Diane, Jared?* frustrated niyang naisaloob. Tumayo siya at tinahak na rin ang daan pabalik sa resthouse.

Narating niya ang kanyang silid at pipihitin na

lamang niya ang knob ng pinto nang magdalawang-isip. Tumutok ang paningin niya sa silid ng kababata.

Natagpuan ni Ynah ang sariling patungo roon. Saglit siyang nag-atubili nang hawak na niya ang doorknob, pero itinuloy pa rin niyang buksan ang pinto. Pagpasok niya sa silid ay napangiwi siya sa amoy ng alak. Natagpuan niya si Jared na nakadapa sa kama at tulog.

Lumapit siya rito at pinilit niyang itihaya ito sa pagkakahiga. Nadismaya siya sa hitsura ng kinakapatid. Nasaan na ba ang dating Jared na hinangaan niya dahil sa sobrang linis sa katawan?

Naalala niya noong mga bata pa sila ay lagi itong mabangong tingnan. Para bang laging bagong paligo. Kahit naarawan na't lahat dahil sa paglalaro ng basketball ay mukhang fresh pa rin ito.

Pumasok siya sa banyo at kumuha ng malinis na face towel doon. Binasa niya iyon at sinabon.

Bumalik siya sa kama at pinunasan niya ang mukha ni Jared.  Hinubad niya ang kamiseta nito at saglit munang pinagpiyestahan ng kanyang mga mata ang katakam-takam nitong katawan.

Sanay si Ynah na makakita ng hubong katawan dahil nurse siya pero kay Jared, inaamin niyang

nawawala ang pagiging professional niya!

Pinilig-pilig niya ang kanyang ulo para mawala ang bumabangong pagnanasa niya sa katawan nito.

Sinimulan niyang punasan ng bimpo ang katawan nito na tuwing di-sinasadyang dumait ang palad niya sa matitigas nitong mucles ay para siyang nakukuryente.

*Grr!* naisaloob niya, *gahasain ko na kaya 'to?*

Finally, with so much effort ay natapos niya rin ang ginagawa. Naghagilap siya ng malinis na t-shirt sa closet ng lalaki. Binihisan niya ito pagkatapos.

"There, presko na ang pakiramdam mo. You can sleep in peace," sabi niya sa natutulog na binata.

Nanatili siyang nakaupo sa gilid ng kama. Hindi niya pinalampas ang pagkakataong pagmasdan ang guwapong mukha ni Jared. May kung anong damdamin ang nag-udyok sa kanya upang damhin ang nakakatakam nitong mga labi na tila pagkain na nakakahain sa kanyang harapan.

Pigil ang hiningang dumukmo si Ynah at pinagdait niya ang mga labi nila. Binalot siya ng nakakahimatay na sensasyon habang hinahagkan niya ang mga labi nitong kay tagal niyang

pinanabikan.

Biglang kumislot si Jared at bago pa siya nakahuma ay pumulupot na ang mala-rehas nitong mga braso at napasadlak ang katawan niya sa dibdib nito.

"Diane, you came back..."

Nagtangka siyang kumawala pero lalo pang humigpit ang mga brasong nakapulupot sa kanya at nagsimula siyang mag-panic. Lalo pa't nagre-respond ang katawan niya sa yapos nito.

"I... I'm sorry," patuloy na ungol nito. "T-this time I'll make it right. H-hindi na kita sasaktan..."

Sa mga narinig ay gusto niyang aluin ito, pretend she was Diane. Ngunit natatakot siya sa consequences dahil hindi siya immune sa charm ng kababata. Baka kung saan humantong ang pagpapakabayani niya! At iyon ay maaari niyang pagsisihan sa bandang huli. Hindi niya kailanman pinangarap na maging substitute ng sinumang babae na malapit sa puso ni Jared.

"Diane... Diane..." ungol pa rin nito.

Hindi na siya nagpumilit kumawala, hinayaan na lang muna niyang nakayakap sa kanya ang binata.

Nakahinga nang maluwag si Ynah nang mayamaya pa'y lumuwag na ang mga braso nitong nakayakap sa kanya at bumagsak sa tabi nito.

Tumuwid siya ng upo at naaawang pinagmasdan ang mukha ni Jared na hanggang sa pagtulog ay tila dala pa rin ang pighati.

Nasa pinto na siya nang mapadako ang kanyang mga mata sa portrait ni Diane.

*Sana'y hindi mo siya iniwan, Diane*, malungkot na naisaloob niya. *He loves you so much. Gayonpaman, sana'y tulungan mo siyang limutin ka...*

Muli siyang sumulyap sa lalaki na patuloy pa rin sa pag-ungol sa pangalan ng namayapang katipan. *I wish I could do something to help you, Jared,* natagpuan niya ang sariling umaasam. Sa kawalan ng magagawa ay mabigat ang dibdib na nilisan na lamang niya ang silid.

# 4

Pagdilat ni Ynah ay saglit pa siyang nagtaka kung nasaan siya. Napatingin siya sa bukas na bintana kung saan pumapasok ang malamig at sariwang hangin. Nakita niya ang mga banayad na hampas ng alon sa baybayin. At narinig niyang sinasabayan pa iyon ng himig ng mga ibon.

Kagyat niyang naalalang nasa isla nga pala siya. Lumundag siya mula sa kama at nagmamadaling tinungo ang bintana. Pagdungaw niya ay malakas na hangin ang sumalubong sa kanya.

Nakita niyang sumisilip pa lang ang araw sa dakong silangan at napasinghap siya sa tanawing nabungaran. Tama ang kanyang ninang, napakaganda ng pagsikat ng araw sa islang ito. Sentrong-sentro ang araw!

She then filled her lungs with fresh crisp air. *Ahh,* naisaloob niya, *the best things in life are free…*

Biglang nag-ring ang kanyang cellphone. Patakbong kinuha niya iyon sa itaas ng vanity dresser. Sa LCD ay nakita niya ang pangalan ni Juliet.

"Ninang!" humihingal niyang bati.

"Kumusta kayo d'yan?"

"Mabuti naman, Ninang."

"And… what about Jared? Is he giving you a hard time?" Natawa ito. "Kailangan ko pa bang itanong 'yon, my dear?"

Napangiti si Ynah maski na gusto na niyang maiyak dahil parang useless ang pamamalagi niya sa isla. "Well, honestly speaking, yes. Pero don't worry, Ninang, hindi ako susuko. That's the least I can do for my old friend."

Narinig niya ang paghugot ng buntong-hininga ni Juliet. "I'm really glad to hear that, hija. Natatakot nga ako kanina bago tumawag sa 'yo. I was expecting you'll say you are quitting."

Napabungisngis siya. "Kahapon pa lang ako dito, Ninang. I don't quit that easy."

"Anyway, ano kaya ang ginagawa ni Jared ngayon? Is he still asleep? Hindi niya sinasagot ang cellphone niya, eh."

"I'll check him, Ninang. Then, I'll call you."

DALA ANG BREAKFAST TRAY, tinungo ng

dalaga ang silid ni Jared. Huminga muna siya nang malalim para palakasin ang loob bago pinihit ang doorknob.

"Good morning!" bati niya sa madilim na silid. Hinagilap niya ang switch malapit sa pinto at sinindihan ang ilaw. "Breakfast is ready."

"Hindi ako gutom," bugnot na tugon ng lalaki, sabay hablot ng unan na nasa tabi nito at galit na ipinang-cover sa mukha.

"Humor me, okay? Kagabi ka pa hindi kumakain. And hungry or not, you will eat your breakfast because you have to take your medicine and your therapy," giit niya. "Kukuhanin ko rin pala ang blood pressure mo."

Padarag niyang inilapag ang breakfast tray sa bedside table. "It's already seven in the morning. Hayaan natin ang sunshine na pumasok sa silid mo."

Dagli niyang pinaghahawi ang blinds na alam niyang lalo nitong ikakagalit.

"See? Ang ganda ng araw, di ba?"

"Get lost," iritadong tugon ng binata na nanatiling naka-cover ang mukha sa unan, pero alam ni Ynah na gustung-gusto na nitong ibato iyon

sa kanya.

Tinungo niya ang kama at hinablot ang kumot ng kababata.

"Ano ba?" iritadong saad nito na bahagyang inalis ang unan na nakatakip sa mukha.

Ngumiti siya nang matamis. "Get up and breathe some fresh air. It will do good for your health. You know, every single day is so precious and it's such a waste if you'll just spend it in this room. Sa halip na magmukmok ka, gusto mo bang samahan kitang mamasyal sa labas?"

"Leave me alone, Ynah," tila pagod na pagod nitong utos at muling itinakip ang unan sa mukha.

Napapailing na iniwan niya ito sa silid, feeling frustrated as ever.

KATATAPOS PA LANG niyang mag-almusal kasama si Norie at si Arturo na kasalukuyang katuwang ng matanda sa pangangalaga sa resthouse nang marinig nila ang papalapit na chopper. Inihatid ng piloto si Nicanor, ang katiwala sa *Hacienda Lagdameo*, upang dalhin ang food supplies sa resthouse. Pinag-almusal ni Norie ang dalawang

bagong dating.

Nang magpaalam ang mga ito pagkatapos kumain, dumerecho si Ynah sa silid ni Jared. Dala niya ang mga gamot nito at ang sphygmamometer para kunan ito ng blood pressure.

Nadatnan niyang wala na ang kababata sa higaan nito. At nakabakat ang hugis ng ulo nito sa unan. Naeengganyong lumapit siya ng kama at umupo. Dinampot niya ang unan at kinikilig na niyakap iyon, imagining it was Jared.

Sininghot niya ang amoy ng unan. She could smell his manly scent on it.

Bigla siyang natauhan, nagmamadaling binitawan ang unan sa takot na baka biglang sumulpot si Jared at mahuli siya sa aktong pinagpapantasyahan ito.

Tumayo siya at pumunta sa banyo upang tingnan kung nandoon ang lalaki pero nagtaka siya nang wala rin ito doon.

Sinilip niya ang pagkaing iniwan niya rito at natagpuang hindi man lang iyon nagagalaw.

*Pasaway ka talaga, Jared Joseph Lagdameo!* ngitngit niyang naisaloob.

Lumabas siya ng silid nang masalubong si Norie na paakyat at dala ang mga nalabhang kurtina.

"Manang, si Jared ho nakita n'yo?"

"Wala ba sa silid niya?" takang tanong.

"Wala nga ho, e.h"

"Aba'y nakakatuwa't dumadalas ang paglabas niya ngayon. Pero ang masama, baka nag-iinom na naman 'yon!"

Nag-aalalang nagkatinginan sila.

HINALUGHOG NI YNAH ang buong resthouse, but Jared was nowhere in sight. Naisipan na lang niyang mamasyal muna.

Mapuno ang daang tinahak niya, halos puno ng niyog at bakawan ang naroroon. At sa sobrang kapal ng mga ito ay kaunting sinag lang ng araw ang tumatagos sa pagitan ng matatabang sanga.

Malayu-layo na rin ang nararating niya nang makarinig ang lagaslas ng tubig. Takang sinundan niya ang ingay na iyon.

Unti-unti ay palakas nang palakas ang lagaslas na naririnig niya. Animo'y hangin na papalapit.

Sumasabay iyon sa huni ng mga ibon.

Ipinagpatuloy niya ang paglalakad, excited na matuklasan kung ano ang naririnig.

Hanggang sa tumambad sa kanyang paningin ang isang napakagandang man-made waterfalls at puting-puti ang bumabagsak na tubig. She gasped in awe when she got a full view of the spot. Exotic plants and clinging vines surrounded the whole place. Tuwang iginala niya ang paningin sa mala-paraisong lugar, admiring the wild flowers that scattered around.

She walked toward the bank and looked down at the crystallized water. She could see her reflection.

Babagtasin na sana niya ang mabatong daan para makalapit pa sa talon nang bigla siyang mapamulagat at natulos sa kinatatayuan. Hindi niya napansin kaagad iyon dahil sa tabing ng mga halaman. Nakita na lamang niya ang tanawing iyon noong malapit na siya.

Naliligo si Jared, nakatalikod sa kanya habang nakatapat sa buhos ng tubig ng talon at hubung-hubo! Tanned na tanned ang balat hanggang sa dapat ay natatakpan ng panloob.

*My, what a body!* naisip niya habang

napapanganga.

Biglang nag-side view si Jared kaya nasilayan niya ang hindi dapat!

*Oh, my God!* shocked at kinilig niyang naisaloob habang awtomatikong gumapang ang kakatwang init sa buo niyang katawan sanhi ng nakikita.

She had seen many nude bodies but Jared's was… yummy.

Pero ayaw niyang mahuli siya nito na namboboso kahit sabihin pang hindi niya sinasadya. So she stepped back. Ngunit sa pag-urong niya ay sumabit ang bukung-bukong niya sa nakausling ugat ng isang puno. Paupo siyang bumagsak at napaaray. At ang lalaking sana ay hindi dapat makaramdam na may ibang tao dahil sa ingay ng bagsak ng tubig ay napapihit, sabay nagtukop ng kahihiyan.

"Who's in there?" Dumadagundong ang tinig ng lalaki.

*Oh, no!* nagpa-panic na sigaw ng isip ng dalaga. Nagkukumahog siyang tumayo. Pero bago pa man siya nakahakbang ay nasa harap na niya ang galit na galit na si Jared.

His hands were on his hips and he was dripping

wet. He was now wearing shorts but still topless kaya kitang-kita pa rin ni Ynah ang matipuno nitong pangangatawan.

Tumutok ang mga mata niya sa mala-pader na dibdib nito. He was so tall and she felt intimidated!

Habang nakatingin siya rito ay bumabalik sa kanyang isipan ang nakita kanina at may kakatwang init na gumapang sa kanyang katawan.

Oo nga't saglit lang niyang napagmasdan ang perpektong katawan ni Jared, pero nakapagkit na iyon sa kanyang isipan. Mala-Adonis talaga ang katawan nito!

Parang gusto niyang paglandasin ang ngayon ay nangangating mga kamay sa basang dibdib nito. Damhin sa mga palad kung gaano katigas iyon.

"Bakit mo ako binobosohan?" di-natutuwang paninita nito.

Nahimasmasan siyang bigla sa galit na tinig ng binata. "I... I'm sorry, hindi ko sinasadya!" depensa niya sa sarili habang pulang-pula ang mukha.

"Liar! Kung hindi ko pa alam ay sinubaybayan mo ako para mabosohan ako!"

Napikon siya sa paratang ng lalaki. "The

nerve! Ano'ng palagay mo sa sarili mo, God's gift to women?" Tinalikuran niya ito, mabibilis ang kanyang hakbang.

Nagulat siya nang bigla siyang pangkuhin ni Jared at dalhin patungong talon.

"Jared, put me down!" utos niya.

"Okay!" anito at ibinagsak siya sa tubig.

Napasinghap si Ynah nang sumaboy ang tubig sa mukha niya sa kanyang pagkakabagsak.

Maiyak-iyak siya sa sobrang pagkapikon. Nang sulyapan niya ang lalaki ay kampante na itong lumalakad palayo. Ikinagalit niya ang kawalan nito ng pakialam sa kanya. Iiwan siya nang hindi man lang inaalam kung nasaktan siya sa pagkakabagsak niya sa tubig at hindi na makakatayo dahil nabalian ng buto!

"Hoy, Jared!" tawag niya. "You wouldn't leave me, would you? A gentleman would never abandon a lady in distress!"

Madilim ang bukas ng mukhang nilingon siya ni Jared.  "I guess I'm not a gentleman," mabalasik na tugon nito, "and I'm certain you aren't a lady in distress."

# 5

Nangingiki na sa lamig si Ynah nang makarating siya sa resthouse.

"Aba, ano'ng nangyari sa 'yong bata ka?" takang tanong ni Norie nang makita siya.

"Itanong n'yo sa alaga n'yo," mapakla niyang tugon. "Sige po, magbibihis na ako."

Iiling-iling na sinundan siya nito ng tanaw.

Pumanhik siya sa hagdanan at padaskol na isinara ang pinto ng kanyang silid pagpasok niya roon.

Padabog siyang dumerecho sa banyo. Nang nasa loob na'y gigil na gigil na ibinato niya ang hinubad na basang damit sa hamper. Pagkatapos ay sumahod siya sa dutsa at gustong ipatangay sa tubig ang pagkapikon sa kaibigan.

Pero hindi pa rin kayang palamigin ng malamig na tubig na nanggagaling sa shower ang init ng ulo niya. She would not just let him get away with it!

May kaukulang kaparusahan dapat ang pambabastos ni Jared sa kanya!

Ilang saglit pa'y bihis na siya at patungo na sa silid ng lalaki. Hindi niya ito natagpuan sa loob. Nagbakasakali siyang nasa banyo ito.

Natagpuan nga niya ito na nakalublob sa sunken bath.

Nagulat ito nang makita siya.

"What is this time?" bugnot na sita ni Jared.

"I deserve an apology for what you did back there!" nakahalukipkip na utos niya.

Umismid ito. "You don't deserve anything."

Nanggalaiti siya lalo. Nang makita niyang akmang aabutin nito ang bathrobe na nasa paanan ng tub ay mabilis niyang inagaw iyon.

"So, hindi ka pala magso-sorry, ha?" Nang-aasar siyang lumayo rito.

Nagliliyab ang mga mata nito nang sulyapan siya. "Hand me the robe!"

"No way!" aniyang pailing-iling. "Mag-sorry ka muna."

"Kung wala kang magawang matino, please get out. Get out!" malakas na sabi nito.

Pero sa halip na lumabas ay nanunudyong umilang hakbang pa siyang lumapit sa lalaki at iwinagayway ang hawak na roba. “Gusto mo ako pa ang magsusuot nito sa ‘yo?”

Matalim ang mga mata ni Jared habang tahimik na pinagmamasdan siya. And she was caught off guard nang bigla nitong dakmain ang kamay niya at hatakin siya sa bathtub.

She fell into the tub on top of his nude body!

Kaagad siyang ibinilanggo sa mala-rehas nitong mga braso as he rolled over and now she was practically underneath him!

Ynah was well aware how his hard body was pressing against her. Nanunuot sa bawat himaymay niya ang init na nanggagaling sa katawan nito.

Nanlaban siya ngunit sa isang maling galaw niya ay may nasagi siyang matigas na bagay sa bandang sentro ng katawan ng kaibigan.

She gasped.

Parang naparalisang tumigil siya sa pagpupumiglas at napatitig sa mukha ni Jared. She saw desire in his eyes and it frightened her.

Panic na may kasamang kilig ang naramdaman

ni Ynah nang matukoy niyang hahalikan siya nito.

Palapit nang palapit ang mukha nito. Napapikit siya habang pigil ang hiningang hinintay niya ang pagdadait ng kanilang mga labi.

Ang tagal na niyang nakapikit at naghihintay pero walang labi siyang naramdaman na dumikit sa kanyang bibig.

Takang idinilat niya ang mga mata at natagpuan niya ang nang-uuyam na tingin ng lalaki sa kanya.

"In your dreams,Ynah," bulong nito sa tainga niya, sabay bitaw sa kanya.

Nag-init ang mukha niya sa pagkapahiya. She'd never been so humiliated!

Parang hindi magawang tumayo ng dalaga mula sa pagkakalublob niya sa bathtub dahil sa matinding kahihiyan samantalang si Jared ay kaswal na umahon matapos na damputin ang lounging robe at isuot iyon.

Pero mamamatay na muna siya bago niya aaminin ang pagkakapahiya niya. Nanlalambot ang mga tuhod na umahon na rin siya, dripping wet.

"Akala mo atat akong mahalikan mo? Hah! Ang kapal naman ng mukha mo!" At taas ang babang

padabog na nilisan niya ang banyo.

MAG-A-ALAS-CINCO NA ng hapon at hindi na gaanong masakit sa balat ang tama ng araw nang lumabas ng resthouse si Ynah.

Kanina ay naisahan na naman siya ni Jared. At para mawala ang pagkadismaya sa kaibigan ay minabuti niyang mamalagi sa labas at hindi muna ito iisipin.

Inilatag niya ang dalang beach mat sa buhangin at saka sumalampak doon.

Mother Nature had blessed her with a fair complexion kaya naman lalong tumingkad ang kaputian niya sa suot niyang pulang bathing suit.

Nagpahid siya ng suntan lotion sa katawan. Nang matapos ay pinulot niya ang sunglasses at isinuot iyon.

Patihaya siyang humiga sa beach mat. Alam niyang walang iistorbo sa kanya. Kontentong ipinikit niya ang mga mata at nagsimulang mangarap.

"Wow! Right curves at the right places..."

Naiiritang nagmulat siya ng mga mata, hindi nagustuhan kung sinumang herodes ang walang

pasubaling nang-iistorbo sa kanyang pamamahinga.

Nang hagurin niya ang paningin pataas, ang tumambad sa kanya ay nakatawang mukha ng lalaki na tila isang matinee idol sa kaguwapuhan. At ang sexy ng pagkakangiti nito sa kanya!

Gulat na napabalikwas si Ynah ng tayo at nagmamadaling itinali sa baywang ang towel niya. "Sino ka?" galit niyang paninita.

Pero lalo lang lumawak ang sexy nitong ngiti. "I'm Alfred."

Hindi niya iyon pinansin. "Don't you know this is a private property? At mahigpit na ipinagbabawal ang mga turista dito!" tuluy-tuloy niyang pagtatalak.

Natawa ito. "Alam ko. By the way, I'm Jared's friend."

Namula ang kanyang pisngi sa pagkapahiya. "Oh!"

"Siguro naman ngayon ay sasabihin mo na ang pangalan mo?" anito na nakatikwas ang isang kilay.

"Ynah Camello."

"Kasing-ganda mo ang pangalan mo," anito habang iniumang ang kamay para sa makipag-

handshake sa kanya.

Tinanggap niya ang pakikipagkamay nito.

"Are you on a vacation?"

Umiling siya. "Kinuha ako ni Ninang Juliet bilang nurse ni Jared."

Kumislap ang mga mata ni Alfred. "So, ninang mo pala si Tita Juliet?"

"Yeah..." aniya, sabay tango.

"Well, good luck sa powers mo, Ynah. I hope makayanan mo ang mood ni Jared. Don't let his teasing worry you. He'll get worse if he knows he's riling you."

Nakangiting tumango siya. "Salamat sa advice. Ano pala ang sinakyan mo papunta dito? Bakit hindi ko namalayan ang pagdating mo?" takang tanong niyang inilibot ang paningin at doon pa lang niya napansin ang isang yate na nakadaong sa di-kalayuan.

"Halika sa yate ko." Hinawakan nito ang kamay niya at hinaltak siya patungo sa canoe.

Excited siyang sumunod. Mayamaya pa'y sumampa na sila sa loob ng yate.

"This is my baby," may pride at joy sa tinig ni Alfred. "Piling-pili lang ang mga babaeng dinadala ko dito. Para sa akin ay sagrado ang yateng ito."

"Should I feel honored?" natatawa niyang tanong na ipinahalatang hindi siya naniniwala.

"You should be," anito, sabay kindat.

Ipinasyal siya nito sa bawat bahagi ng yate. Sa lower deck ay napipinturahan ng puti ang lahat ng dingding at ang mga pinto ay sa natural na varnish. May mga modernong kasangkapan sa paligid at nasa yate lahat ng amenities ng isang maganda at marangyang bahay. It even had a small bar at sa isang sulok ay katamtamang laking billiard table.

"What can you say?"

Napatangu-tango ang dalaga. "Maganda."

"Gusto mong mag-island hopping?"

Kumislap ang kanyang mga mata sa tuwa. "Kailan?"

"Ikaw."

"Sige, that would be fun." Natagpuan niya ang sariling tumutugon.

Binuksan ni Alfred ang refrigerator nito at

nasilip niyang punong-puno iyon ng pagkain. "Care for a drink? Mayr'on akong *San Mig Light* dito..."

"Mukhang pang-isang taon ang supplies mo, ah," komento ni Ynah.

"Kailangan kasi. Kapag nabo-bore ako sa buhay ko, wala akong ginawa kundi maglayag..."

"Soft drinks na lang," aniya.

"What about sandwiches?"

"Kahit ano."

Isinara nito ang pinto ng refrigerator matapos kumuha ng isang *Budweiser* at isang *Coke*, parehong in-can.

Dala ang sandwiches at inumin na umakyat sila sa deck.

Tumayo sila sa tapat ng barandilya tumayo at tinanaw ang karagatan. Itinaas ni Ynah ang mukha at sinalubong ang malakas at masarap na simoy ng hangin.

"I'm sure nakilala mo si Diane. What can you say about her?" curious niyang tanong.

"She was a sweet lady. Sayang at nangyari ang isang trahedya..." anito at lumagok sa beer nito.

“Paano ba sila nagkakilala ni Jared?”

“Through me. Kaibigan ko kasi ang family ni Diane.”

Tumangu-tango siya. “I see. How did her family take the accident? Naka-recover na ba sila?”

“Gradually, they did.”

“Si Jared kaya, kailan niya matatanggap sa sarili na wala na si Diane? It’s depressing to see him so bitter and blaming himself for her death.”

“Don’t worry, Ynah. Time heals all wounds.”

Humugot siya ng hininga. “Well, I should hope so...”

At saglit na namayani ang katahimikan.

Alas seis na ng gabi nang maisipan nilang bumalik sa isla. Patuloy ang kanilang kuwentuhan habang umaakyat sila sa footpath.

Biglang umihip ang isang malakas na hangin sa kinaroroonan nila at bago pa siya mapapikit ay naramdaman niyang napuwing siya.

“Aray!” daing niyang maagap na kinusot ang kanang mata.

Naalarma si Alfred, pinigilan nito ang kamay niyang kumukusot sa mata niya. “Don’t, you’ll only make it worst.  Let me, I’ll blow it.”

Hindi na tumutol ang dalaga. Hinayaan niyang hipan nito ang kanyang mata para maalis ang foreign object. Nasa ganoon silang eksena nang madatnan sila ng palabas na si Jared na bahagyang napatigil sa paghakbang.

Parang guilty na lumayo siya kay Alfred.

“Hi, Jared! Good to see you,” bati ng lalaki.

Parang walang narinig na muli itong pumihit at ipinagpatuloy ang lakad.

“He’s also giving you a cold shoulder...” malungkot niyang komento habang hatid ng tanaw si Jared.

“Perhaps I deserve it,” ani Alfred.

Takang napalingon siya sa lalaki, pero hindi na siya nagtanong kung bakit dahil baka sabihin nitong napakaurirat niya. Humugot na lang siya ng malalim na buntong-hininga. “I wish I could do something to ease his pain.”

Malungkot na tumango ang lalaki. “Me, too.”

At damang-dama niya ang sinseridad sa tinig nito.